Rafales v. M/V EURODAM
Hukumang Pangdistrito ng Estados Unidos – Gitnang Distrito Ng California

C.D. Cal. Num. CV 10-4845-AHM (AJWx)

Paunawa Ng Mungkahing Areglo sa Pandinig sa Grupong Pagkilos At Pagiging Patas

BASAHIN ITO NANG MABUTI – **MAARING KARAPAT-DAPAT KANG MAY MABAWI SA MINUMUNGKAHING AREGLO NA ITO**

KUNG GANOON, MAAARI MAY KARAPATANG KANG MAGBALIK NG PAGHABOL, AYON SA NAKASALARAWAN SA IBABA

Ang Paunawang ito ay nagsasalarawan ng minungkahing areglo sa paghabol ng mga Pilipinong tripulante laban sa Holland America Line ("HAL"), sa ilalim ng pahintulot ng hukuman.

BUOD NG IYONG MGA KARAPATANG LEGAL AT MGA PAGPILIAN:

Ibalik ang Pormularyo sa Paghabol kung Karapat-dapat tumanggap ng Pagbalik-bayad

Tumanggap ng bayad sa areglo at magpaubaya ang ilang mga karapatan.

Bilang bahagi ng Hotel Department Gratuity Plan at Beverage Service Plan na ipinatupad simula noong Abril 1, 2004 hanggang Nobyembre 30, 2006 para sa mga empleyado ng HAL na nakakatanggap ng isang bahagi ng pabuya mula sa mga pasahero at nagsauling bayad sa HAL para sa mga ilang gastusin sa pagpapalawig. Sa demandang ito, si Baltazar Rafales ay inaakusahan ang HAL ng maling pagpilit sa mga tripulanteng Pilipino na bayaran ang HAL para sa transportasyon at iba pang mga gastos sa pagpapabalik na labag sa kanilang mga kontrata sa pag-empleyo. Dinemanda ni Rafales upang mabawi lahat ng mga muling ibinayad na nakolekta ng HAL para sa transportasyon at mga pagpapabalik na gastos, pati na ang mga multa sa ilalim ng pederal na Batas sa Suweldo ng Tripulante, 42 U.S.C. § 10313.

Ang minungkahing grupo ng areglo ng demanda ni Rafales ay nagtataglay ng karapatan sa paghahabol ng isang bahagi ng pagsauling bayad ng gastusin sa paglakbay sa ilalim ng Hotel Department Gratuity Plan o Beverage Service Plan ng mga Pilipinong tripulanteng **hindi** pumayag na bayaran ang HAL para sa gastos sa pamasahe at pagpapabalik.

Kung hindi kayo pumayag na bayaran ang HAL para sa gastos sa paglalakbay at pagpapabalik, kailangan ninyong punuan at ibalik ang kalakip na Pormularyo sa Paghabol na hindi lalagpas Setyembre 29, 2011 upang makatanggap ng isang bahagi pagsauling bayad ng mga gastos sa paglalakbay na binayaran sa ilalim ng Hotel Department Gratuity Program o Beverage Service Plan.

Ipauubaya ninyo ang karapatang idemanda ang HAL patungkol sa lahat ng mga paghahabol na o maaaring diumano sa paglilitis na ipinaliliwanag sa ibaba kaugnay sa pagbabayad ng sahod, kasama ang pabuya, bayad serbisyo o ang pagsasauli ng mga ginastos sa pagpapalawig o iba pang mga kaugnay sa pag-empleyo na gastusin, bago ang petsa ng kasunduan.

Walang

Walang matanggap na bahagi ng mga areglo at ipaubaya ang ilang mga

gagawin	**karapatan.**
	Kapag kayo ay walang ginawa, hindi kayo makatatanggap ng anumang kabayaran, kahit na karapat-dapat tumanggap ng pagsauling bayad. Kung pahihintulutan ng Hukuman ang areglo, saklaw kayo ng mga kundisyon ng kasunduan sa pag-aareglo sa kabuuan nito, kabilang ang probisyon sa pagpapaubaya sa ilang mga paghabol.
Humiling na bumukod sa areglo.	**Walang matatanggap ng anumang bahagi sa mga nalikom mula sa pag-areglo. Di ipaubaya ang mga karapatan.**
	Kung nais ninyo na bumukod sa pangkat na kasama sa aregluhan, kailangan magsumite ng hiling sa pagbukod. Kayo ay hindi na tali sa areglo, kahit na ito ay pinahintulutan ng Hukuman. at wala kayong matatanggap ng anumang pera mula sa areglo.
Di pagsang-ayon	Kayo ay may karapatang hindi sumang-ayon sa areglo. Kung pinahintulutan ng Hukuman ang aregluhan sa kabila ng iyong pagtutol, kayo ay saklaw ng kabuuan ng nasabing areglo, kabilang ang mga probisyon sa pagpapaubaya ng paghahabol.

Ang mga natirang bahagi ng Paunawang ito ay mas lubos na magpapaliwanag ng iyong mga pagpipilian. ***Ang huling araw upang magsumite ng isang pagtutol o humiling ng pagbubukod ay sa*** *Agosto 1, 2011.*

1. Bakit ako nakatanggap ng abiso na ito?

Sa talaan ng HAL, ikaw ay nagtrabaho lulan ng isa sa mga barko ng Holland America Line sa pagitan ng Abril 1, 2004 at Nobyembre 30, 2006, at lumahok sa Hotel Department Gratuity Plan o sa Beverage Service Plan ng HAL.

Ang Paunawa na ito ay nagsasalarawan ng isang minungkahing areglo sa pagitan ng mga Pilipinong tripulante laban sa HAL at mga kasapi nito. Sa ilalim ng minungkahing areglo, ang HAL ay magsasauli ng isang bahagi ng mga gastos sa paglalakbay sa mga Pilipino tripulante na lumahok sa Gratuity Plan o Beverage Service Plan ng HAL pero ***hindi*** pumapayag na bayaran ang HAL para sa transportasyon at gastos sa pagpapabalik, at ang mga nagbalik ng mga pormularyo sa paghabol, tulad ng inilarawan sa ibaba.

Ang Paunawa na ito ay nagbubuod ng mga minungkahing Areglo kabilang ang iyong mga karapatan sa ilalim nito.

2. Tungkol saan ba ang kasong ito at sino ang nasasaklawan ng areglo?

Ang isang dating empleyado ng HAL, si Baltazar Rafales, ang siyang nagsampa ng demanda na ito. Sa pananaw ni Rafales, nilabag ng HAL ang indibiduwal na kontrata sa pag-eempleyo ng mga Pilipinong tripulante na naglingkod para sa HAL sa pagitan ng Abril 1, 2004, at Nobyembre 30, 2006 ("Ang Panahon ng Grupo"), sa paraan ng pag-obliga sa mga tripulante na kasapi sa Hotel Department na upang bayaran ang HAL para sa mga ginastos sa pagpunta pati na ang gastos sa pagbiyahe. Inihayag din ni Rafales ang paglabag ng HAL sa batas ng Estados Unidos na Seaman's Wage Act, 46 U.S.C. § 10313, sa kabiguang matiyak na ang lahat ng tripulante ay makatanggap ng kanilang buong sahod sa pagtatapos ng bawat pagbiyahe.

Itinanggi ng HAL ang mga paratang na ito. Inihayag ng HAL na ito ay tumupad sa nilalaman ng mga kontrata ng mga empleyado, kasama na rin ang kasunduan sa collective bargaining ng AMOSUP, ang unyon na kumakatawan sa mga Pilipinong tripulante. Sa madaling salita, ang HAL ay naniniwala na binayaran nito ang kanilang mga Pilipinong tripulante kung ano ang nararapat na kabayaran sa kanila.

Si Rafales at ang HAL ay nagkasundo na aregluhin ang kanilang mga di-pagkakaintindihan. Bago ipatupad ang anumang areglo, ito ay dapat pahintulutan at payagan ng Hukuman.

Ang minungkahing kasunduan ay sumasakop sa ***lahat*** ng Pilipinong tripulante na lumahok sa HAL Hotel Department Gratuity Plan o Beverage Service Plan mula Abril 1, 2004 hanggang Nobiembre 30, 2006, at nagsauli sa HAL ng mga ginastos para sa paglalakbay at iba pang gastos sa pagpunta. Ang paunawa na ito ay tumutukoy sa grupo na ito ng tripulante bilang "ang Grupo ng Areglo."

3. Ano ang mga tuntunin ng Areglo?

Bilang bahagi ng mga minungkahing kasunduang pag-areglo ng grupong aksiyon, ang HAL ay maglalaan ng Halaga para sa Areglo na nagkakahalaga ng hanggang US$ 2,000,000.00 (Dalawang Milyong Dolyares). Ang Halaga ng Areglo ay gagamitin bilang mga sumusunod:

Mga Paghahabol sa mga Ginastos sa Paglalakbay. Karamihan ng Halagang Pang-areglo ay gagamitin sa pagbabalik ng bayad ng isang bahagi ng paglalakbay gastos sa mga kasapi ng Grupo ng Areglo na ***hindi*** pumayag na bayaran ang HAL para sa mga gastos sa transportasyon at pagpapabalik.

Para maging karapat-dapat sa pagsauling-bayad sa mga gastos sa paglalakbay, ang tripulanteng Pilipino ay dapat magsumite ng ng nasasa-oras Pormularyo sa Paghabol sa pormularyong nakalakip na nagsasaad na siya ay HINDI PUMAYAG na bayaran ang HAL para sa mga gastos sa paglalakbay. Ang kabuuang halaga na maaaring magagamit para sa pagsasauli ng ginastos sa paglalakbay ay depende sa kung gaano karami ang mga Pilipinong tripulante ang magsusumite ng mga paghabol. Ang ***pinakamababang*** halaga para sa bawat pinahihintulutang paghabol ay tinatayang $457.93. Ang halagang babayaran kasa paghabol ay maaaring dumagdag depende sa mga halaga na binigay ng Korte sa Kinatawang Naghahabol at sa Abogado ng Naghahabol at/o kung mas mababa sa 50% ng mga Pilipinong tripulante ang magsumte ng ma paghiling. Sa ilalim ng ilang senaryo, depende sa bilang ng mga paghiling at mga halaga na ginantimpala ng Korte sa Mga Kinatawang Naghahabol at Abogado ng Naghahabol, ang halaga sa bawat paghiling ay maaaring kasing taas ng $1,000.00. Ang halaga na dapat matanggap ng bawat indibiduwal na naghahabol ay tutukuyin batay sa formula sa Kasunduan sa Areglo.

Mga Stipend ng Kinatawan ng Grupo. Ang mga abugado ng mga naghahabol ay hihingi ng gantimpala mula sa mga Halaga ng Areglo sa indibiduwal na mga nagdemanda na nagsampa ng kaso. Hihiling ang mga nagdemanda mula sa Hukuman na pagkalooban sina Baltazar Rafales at dalawang iba pang indibiduwal na Pilipinong tripulante na nagsampa ng mga parehong demanda laban sa HAL ng kabuuang halagang US$15,000.00. Ang mga bayad na ito ay kabayaran sa mga nagdemanda para sa mga oras, pagsisikap, at panganib na kanilang napagdaanan bilang panukalang kinatawan ng grupo sa pagpapalaganap ng demanding ito laban sa HAL.

Bayad sa mga Abugado ng Nagdemanda. Ang Hukuman ay dapat ay maggantimpala ng anumang kabayaran para sa abugado ng mga nagdemanda. Kapag pinahintulutan ng Hukuman ang Areglo, ang mga abugado ng nagdemanda ay maaaring lamang humiling ng kabayaran sa Hukuman na hindi hihigit sa US$ 500,000.00 (Limandaang Libong US Dollars), na magmumula sa Halaga ng Areglo. Ito ay 25% ng Halaga ng Areglo. Kahit na ito ay mukhang malaking halaga ng pera, ang mga abugadong ito ay nagtrabaho sa mga kaso na humihiling ng pagbawi mula sa HAL bilang kinatawan ng mga Pilipinong tripulante nang mahigit sa dalawang taon at ni wala pang natatanggap na kabayaran para sa pag-iimbestiga sa mga pangyayari, pamamahala ng litigasyon, at pakikipagturingan ukol sa Grupong Areglo. Dagdag dito, hindi pa sila nakatatanggap ng kabayaran para sa kanilang mga gastos sa pag-usad ng paglilitis ng kaso. Ang mga abugado ay naggugol ng kanilang oras at kakayahan sa prosekusyon ng demandang ito sa basehang abono at inabonohan ang mga gastos sa litigasyon. Kapalit nito, sa kanilang kasunduan kina Rafales at ang iba pang mga indibiduwal na nagdemanda ay naglaan na kapag sila ay nagtagumpay sa pagkuha ng halaga para sa Grupo, sila ay mababayaran mula sa nasabing halaga.

Sa ganitong uri ng litigasyon, ang mga abugado para sa mga nagdedemanda ay karaniwang makakatanggap ng porsyento nabawing halaga para sa pagbawi ng grupo bilang bayad sa abugado. Ang Hukuman sa huli ay ang siyang magpapasya kung ano ang halaga ng mga bayad sa abugado na nagtanggol demanda ng grupo at ang halagang ibabayad sa pinangalanang nagdemanda. Kayo ay hindi personal na responsable para sa anumang bayad o gastos sa mga abugado maliban kung kumuha ng iyong sariling abugado.

Kinatawan ng Grupo at Abugado ng Grupo. Sa isang grupong aksiyon, ang Hukuman ang siyang nagtatalaga ng kinatawan para sa grupo at abugado ng grupo, na may trabaho na kumatawan para sa interes ng mga miyembro ng grupo.

(a) Tinakda ng Hukuman si Baltazar Rafales, isang dating empleyado HAL na lumahok sa Gratuity Plan, bilang Kinatawan para sa Grupo ng Areglo, para sa pagpahintulot ng Areglo.

(b) Hinirang ng Hukuman sina Knapp, Petersen & Clarke at ang Joseph Farzam Law Firm bilang abugado ng grupo. Ang mga abugadong ito ay kakatawan sa iyong interes as sa Grupo ng Areglo.

Mga dahilan para sa Areglo. Ang mga nagdemanda at ang kanilang mga abugado ay payag na ang Areglong ito kumakatawan sa malaking kabayaran, na may kaukulang sapalaran na ang Grupo maaaring di manalo sa ilan o lahat ng kanilang mga demanda. Dagdag dito, kung HAL at ang mga nagdemanda ay

patuloy na maglalaban sa Hukuman, ang kaso ay maaaring tumagal ng ilang taon hanggang sa lahat ng apela ay makumpleto. Ang Areglo ay paraan upang maka-iwas sa mga gastos at mga panganib ng patuloy na litigasyon, kasama ang panganib na walang makuhang kabayaran, at naghahandog ng sapat na benepisyo sa Grupong Areglo ngayon, nang walang antala.

4. Ano ang aking mga pagpipilian?

May kailangan ba na gawin upang manatiling kasapi ng Grupo?

Kung kayo ay sakop sa pagsasalarawan ng Grupong Areglo sa itaas, kayo ay mananatiling isang miyembro ng Grupo, ***maliban*** na lamang kung may mga hakbang na ginawa para di kayo makasama, na inilalarawan sa ibaba. Maaring kayo ay humarap gamit ang iyong sariling abugado na inyong uupahan sa sariling gastos. *Sa madaling salita, kahit wala kayong gawin, kayo ay mananatiling kasapi ng Grupo.*

Papaano ang paraan ng paghahabol upang maisagawa ang pagsasauli ng ginastos sa biyahe?

Kung sumali ka sa Hotel Department Gratuity Plan o Beverage Service Plan ngunit hindi pumayag gawin ang pagsusuli ng bayad sa HAL para sa nagastos sa pasahe at gastos sa pagbalik, dapat ibalik mo ang nakalakip na "Pormularyo ng Katibayan ng Paghabol" na humihingi ng pagsasauling bayad ng bahagi ng nasabing mga nagastos. Para maging karapatdapat na makatanggap ng pagsauling bayad, kailangan mong ibalik ang pormularyo ng paghabol sa address nakasaad at di lalagpas sa Setyembre 29, 2011. Bilang alternatibo, kung ikaw ay nagtatrabahong nakasakay sa barko ng HAL, maaaring ibigay sa Tagapamahala ng Human Resources (dati ay ang purser ng tripulante) ang inyong pormularyo ng paghiling.

Papaano ko ibubukod ang aking sarili sa Grupo ng Areglo at mula sa Areglong ito?

Kung ayaw maging bahagi ng Grupo ng Areglo o tumanggap ng benepisyo mula sa Areglo, maari ay gumawa ka ng hakbang para di masakop nito. Upang di makasama sa Grupo ng Areglo at sa Areglo, kailangan kang lumagda sa hiling sa pagbukod sa Holland America Line, Rafales Litigation Opt Outs, 300 Elliott Avenue West Seattle, WA 98119 USA. Ang hiling sa pagbukod ay dapat mayroong mga sumusunod na pahayag: "Nais ko na di mapabilang sa pagkilos ukol sa Hotel Department Gratuity Plan o Beverage Service Plan ng HAL." Kung hindi ka sumali ay (1) hindi makakatanggap ng anumang kabayaran mula sa minungkahing areglo; (2) hindi matatali sa anumang karagdagang utos or paghahatol ginawad para o laban sa Grupo; at (3) hindi ka karapat-dapat na magkomento o tumutol sa minungkahing areglo. Ito ang tanging mga pagpipilian na nagbibigay-daan upang lumahok ka sa ibang kaso laban sa HAL na kaugnay ng mga paghiling na nilalabas sa kasong ito.

Ang hiling sa pagbukod ay kailangang may tatak ng koreo na hindi lalagpas sa Agosto 1, 2011. Ang Areglo, kapag napahintulutan, ay sasakop sa lahat ng miyembro ng grupo na hindi humiling ng pagbukod sa petsang ito.

Paano ko sasabihin sa Korte ang palagay ko tungkol sa Areglong ito?

Maliban kung hindi mo isinama ang sarili mo mula sa Grupo ng Areglo, maaari kang magkomento sa suporta ng o laban sa Areglo, aplikasyon para sa mga bayarin at mga gastos ng Tagapagpayo ng Grupo, o sa paghiling para sa mga bayarin sa mga Kinatawan ng Grupo. Kailangan kang magsumite ng mga pagtanggi o mga komento sa Clerk ng Korte at magpadala ng mga kopya sa Tagapagpayo ng Grupo sa sumusunod na addresses, upang ang mga pagtanggi o mga komento mo ay nakamarka ng koreo nang hindi lalagpas sa Agosto 1, 2011:

Clerk of the Court
United States District Court
Central District of California – Western Division
312 North Spring Street
Los Angeles, CA 90012

Class Counsel:
Andre Jardini
Knapp, Petersen & Clarke
550 N. Brand Boulevard, Suite 1500
Glendale, CA 91203-1922

Ang iyong mga pagtangii o mga koneto (a) ay dapat magsama ng pagtukoy sa simula sa *Rafales Litigation*, numero ng kaso 10-4845 AHM; (b) dapat maglista ng iyong pangalan, address at numero ng telepono; (c) dapat lagdaan mo; at (d) dapat magsaad ng iyong posisyon at mga dahilan para sa posisyon mo. Dapat kang magsama ng mga kopya ng anumang mga dokumento na nais mong isaalang-alang ng Korte. Kung hindi mo nais ipaalam ang mga pananaw mo nang nakasulat alinsunod sa pamamaraang ito at deadline, ang mga pananaw mo ay hindi isasaalang-alang at ipapaubaya mo ang anumang mga pagtutol.

Ayon sa nakasalarawan sa ibaba, magsasagawa ang Korte ng pagdinig upang madesisyunan kung pahihintulutan ang areglo. Kung nagsumite ka ng mga pagtanggi o mga komento at nais na humarap at magsalita sa pagdinig, ang mga pagtanggi o mga komento mo ay dapay magsama ng pagsasaad na nais mong humarap at magsalita sa pagdinig ng pagiging patas, isaad ang posisyon na nais mong ipahayag sa pagdinig at magsama ng mga kopya ng anumang mga dokumento na nais mong isaalang-alang ng Korte.

Kung nais mong humarap ang sarili mong abogado at magsalita sa pagdinig bilang kinatawan mo, kailangan mo ring isaad sa mga nakasulat mong pagtanggi o mga komento na nais mong paharapin ang abogado mo para magsalita sa iyo, at ilista ang pangalan, address at numero ng telepono ng abogado mo.

Papaano pagpapasiyahan ng Hukuman kung dapat pahintulutan ang Areglo?

Nagtakda ng pagdinig ang Hukuman sa Agosto 29, 2011, sa harap ng Kagalangalang A. Howard Matz, Juez de Distrito ng Estados Unidos, sa Korte para sa Hukumang Pandistrito ng Estados Unidos para sa Gitnang Distrito ng California, 10:00 ng umaga sa 312 North Spring Street, Los Angeles, California, 90012, sa Courtroom 14, upang isaalang-alang kung ibibigay ang huling pahintulot ng Areglo. Maaring itakda ng Hukuman ang Pagdinig sa Pagiging Patas kung mayroong mabuting dahilan nang walang higit pang abiso.

Ang sinumang kasapi ng Grupo ng Areglo ay maaaring dumalo sa pagdinig ng pag-apruba sa Areglo para makipagtalo sa usapin na kung dapat hindi pahintulutan ng Hukuman ang mungkahing Areglo o upang tutulan ang aplikasyon para sa bayad sa abugado at mga gastos at bayad sa kinatawan ng grupo. Kung nais marinig sa paglilitis, kailangan ipahiwatig ang pagtutol pamamagitan ng sulat ayon sa nakaraang talata.

HINDI KAILANGANG DUMALO SA PAGDINING MALIBAN KUNG MAY PLANO KANG TUMUTOL SA AREGLO NAIS MAPAKINGGAN ANG PAGTUTOL MO NANG IKAW MISMO. Kung sa hindi pagsama sa Grupo ng Areglo, mawawalan na ng pagkakataon magpuna o tumutol sa Areglo hindi ka karapat-dapat na magkomento o tumutol sa Areglo o sa hiling sa bayad o marinig sa paglilitis – ang mga Pilipinong tripulante lang na nananatili sa Grupo ng Areglo ang may karapatan na tumutol.

Ano ang mangyayari kapang pinahintulutan ng Hukuman ang Areglo?

Kung pinahintulutan ng Hukuman ang Areglo, ang mga bayad sa humihiling na nagsumite ng tamang oras at tamang mga paghiling ay gagawin makalipas ang pagiging pinal ng pag-apruba. Plano ng HAL na sila ang mangagasiwa sa barko ng pagbayad sa mga tripulante nagsisilbi sa barko ng HAL o sa kanila ahente sa ng paglalagay ng tao sa Pilipinas, ang United Philippine Lines, Inc. (“UPL”).

Kung may mag-aapila sa pag-apruba ng Areglo, maantala ang kabayaran.

Kapag pinahintulutan ng Hukuman ang Areglo, ang Aregluhan sa sasaklaw sa lahat ng mga miyembro ng Grupo ng Areglo, maliban sa mga humiling na mabukod. Dagdag dito, ang paghahabol ng lahat ng miyembro Grupo ng Areglo na o maaari isinama sa demanda na nakasaad sa itaas na kaugnayan sa (a) pagbabayad ng sahod, kasama pabuya o singil sa paglilingkod, bago ang petsa ng areglo o (b) ang pagsasauling bayad na nagastos sa pagpunta o iba pang gastos para makapagtrabaho bago ang petsa ng areglo, ay ipapawalang saysay, pakakawalan, at magpakailanman hahadlangan bilang resulta ng Areglo.Ang Kinatawan ng Grupo, hal. Rafales, ay nagbibigay ng mas malawak na pagpapakawala sa Holland America Line kapalit ng stipend na nakasalarawan sa itaas.

Ano ang mangyayari kung hindi pahintulutan ng Hukuman ang Areglong ito?

Kapag hindi mapahintulutan ng Hukuman ang Areglo, ang kaso ay magtutuloy na para bang walang ginawa ang mga magkatunggali na mag-areglo. Ang Hal ay may karapatang tuligsain kung ang kaso ba na ito ay ituloy na isang grupong aksiyon, o labanan ang merito ng kaso na pinipilit ni Rafales o humiling ng kautusan na humihingi kay Rafales dalhin na lamang demanda sa Pilipinas. Kapag hindi napahintulutan ang Areglo, walang katiyakan na ang Grupo ay makakakuha ng mas malaki kaysa itinakda ng Areglo o kung mayroon man.

5. Ako ba ay maparurusahan kapag ako ay nagsumit ng paghiling?

Hindi. Ang pasya magsumite ng isang Pormularyo sa Paghiling ay hindi makakaapekto sa iyong pagtatrabaho sa Holland America Line. Ipinagbabawal sa Holland America Line ang gumanti sa anumang paraan batay sa iyong pasya kung sumama o hindi sa aregluhan.

6. Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Ang mga nabanggit ay buod lamang ng Aksiyon at ng minungkahing Areglo. Kung nais mo ng karagdagang impormasyon, tulad ng mga kopya ng Reklamo, ang Kasunduan sa Areglo, o mga papeles na isinampa para batayan ng minungkahing Areglo, maaaring makipag-ugnayan sa Abugado ng Grupo sa:

Joseph Farzam, Esq.
Law Offices of Joseph Farzam
1875 Century Park East, Suite 1345
Los Angeles, CA 90067
USA

Maaari ka magpadala ng e-mail sa Abugado ng Grupo sa farzam@lawyer.com o tumawag nang toll free sa (888) 999-9394. Maaari mo ring maabot ang opisina ng abugado sa (310) 226-6890 kung meron kayong mga katanungan. Mag-uulat si Mr. Farzam sa Korte at abugado para sa HAL tungkol sa mga kontak niya sa mga miyembro ng Grupo, kasama ang kalagayan ng anumang mga pagsusumikap na resolbahin ang mga tanong na panukala ng mga miyembro ng Grupo.

May karapatan kayo na repasuhin ang mga papeles ng kaso, na maaaring mainspeksiyon sa regular na oras ng trabaho Clerk's Office o sa pamamagitan ng Public Access sa Court Electronic Records ("PACER") system, na maaari mong makita sa http://www.pacer.gov/. Maaari din humingi ng payo mula sa sariling abugado inyong babayaran, kung inyong nanaisin.

MANGYARING HUWAG MAKIPAG-UGNAYAN SA HUKUMAN PARA SA IMPORMASYON.